



May 8, 2020

---

# NEWSLETTER PARA SA MALAYUANG PAG-AARAL SA MGA MAGULANG, Issue 6

Dibisyon Para sa mga Mag-aaral ng Ingles  
Departamento ng Edukasyon ng California

---

## **Isang Liham mula sa Kagawaran ng Edukasyon ng California (CDE)**

MGA MAGULANG,

Kada linggo itong newsletter ay nakatuon sa iba't ibang tema at nagbibigay ng inpormasyon at tulong sa mga magulang tungkol sa iba't ibang tema. Sa linggong ito, ang paksa ay tungkol sa mga tulong sa mga magulang ng mga bata na may mga kapansanan. Ang mga magulang ng mga batang ito ito na may mga kapansanan ay nangangailangan din ng mga tulong na makatarungan para magkaroon ng mga bagay na kailangan para sa tamang edukasyon ng kanilang mga anak. Isa sa mga karaniwan nilang istrategiya ay ang paggamit ng modelo, sa kung ano ang tinatanong sa mga bata. Kailangan ng modelo sa prosesong ito.

1. Ako ( ginagawa ng matanda, nanunuod ang bata.
2. Gagawin ko, tumulong ka.
3. Ikaw ang gumawa, tutulong ako.
4. Ikaw ang gumawa.

This process provides the student time to practice with support before trying to master a new skill independently. This is one strategy that parents can do with children at home when learning any new skill, from tying shoes to a math problem.

## **Mga Bagong Labas na Tulong**

### **Sentro ng Pagbibigay Kapangyarihan sa mga Pamilya**

FECs provide services to families of children (ages three to twenty-two) with disabilities. Each center ensures that parents, guardians, and families of children and young adults with disabilities have access to accurate information, specialized training, and peer-to-peer support.

Ang (FEC) ay nagbibigay serbisyo sa mga pamilya ng mga bata (edad 3 hanggang 22) na mayroong mga kapansanan. Sinisiguro ng bawat sentro na ang mga magulang, tagagapag-alaga at pamilya ng mg kabataang ito na mayroong mga kapansanan, ay makakuha ng tamang inpormasyon, maayos na pagsasanay at suporta ng bawa't isa.

Para sa karagdagang inpormasyon tungkol sa FEC sa buong California, makipag-ugnayan lamang sa kanila at basahin ang handout ng California FEC on Disability na makikita sa web page ng Exceptional Family Resource Center at sa [https://www.efrconline.org/myadmin/files/fedc\\_facts.pdf](https://www.efrconline.org/myadmin/files/fedc_facts.pdf). Sa dokumentong ito ay ay makikita ang mapa ng California at kung saan naroroon ang mga lugar ng FEC, kasama na rin ang kanilang websites at numero ng telepono para maging madali sa bawa't pamilyang nangangailangan.

Maaari din na tingnan ang web page ng Seeds of Partnership California FEC <https://www.seedsofpartnership.org/familyEmpowerment.html>.

### **Pagsasanay ng mga Magulang at Sentro ng Inpormasyon**

Ang PTIC ay nagbibigay sa mga magulang ng mga bata (edad pagkasilang hanggang dalawampu't anim) na may mga kapansanan, ng mga pagsasanay at inpormasyon na kailangan at makakatulong sa kanilang mga anak. Ang PTIC ay tumutulong din sa mga magulang ng mga batang may kapansanan, kasama na ang mahihirap na pamilya, mga hindi pa gaanong marunong ng Ingles at pati na rin ang mga bata na kung saan ang mga magulang ang siyang may kapansanan. Ang ilan sa mga serbisyong ibinibigay ng PTIC ay workshops o talakayan, suporta ng magulang sa magulang, suporta mula sa ibang grupo at iba pang tulong.

Para sa karagdagan pang inpormasyon at link tungkol sa PTIC sa California, maaring pumunta sa kanilang websites sa <https://www.cde.ca.gov/sp/se/qa/caprntorg.asp#pti>.

## **Magulang Tumutulong sa Kapwa Magulang**

Ang organisasyon ng PHP ay sumusuporta, nagsasanay at siyang nagsisilbing inspirasyon sa mga pamilya at sa mga komunidad upang magkaroon ng maliwanag na kinabukasan, ang mga kabataan at maging ang mga may edad na rin, na nangangailangan ng espesyal na tulong. Ang PHP E-Learning Library ay mayroong mga bidyo, podcast at e-packet tungkol sa maraming paksa, na makakatulong sa kanilang pamilya na may mga kapansanan. Ang website na ito ay mayroon din link para makatulong ang ibang grupo sa mga pamilyang ito ng pag-aalaga sa mga may kapansanan. Ang website na ito ay mayroon ding link para masuportahan ng mga grupo ang iba't ibang paksa. Ang website na ito ay magagamit sa Ingles o Espanyol. Kailangan lang i-klik ang "Ingles" sa itaas ng pahina para mabago ang salita.

Para magamit ang mga tulong, pumunta lamang sa PHP website sa <https://www.php.com/>.

## **Mga Palagiang Tanong: Programa para sa Pagtuturo ng Isahan (IEP) sa Panahon ng Malayuang Pag-aaral**

**Tanong:** Mayroon akong anak na may kapansanan, at ang tanong ko ay tungkol sa IEP. Saan ako maaaring kumuha ng inpormasyon at tulong?

**Sagot:** Sa panahon ngayon ng COVID-19, ang mga tanong na tungkol sa IEP at programa para sa pag-aaral, ay maaaring pag-usapan sa inyong paaralan o distrito. Maraming paaralan sa ibang bahagi ng California ang tumutugon din sa COVID-19 pandemic sa iba't-ibang paraan, na naaayon sa kanilang lugar. Ang CDE ang nagpapalakas ng loob at nag-eenganyo sa mga magulang na makipag-usap sa kanilang mga paaralan at distrito tungkol sa pandemic na ito at tungkol sa mga paraan na maaari nilang gawin, para masuportahan ang kanilang mga mag-aaral. Ang mga magulang ng mga batang may kapansanan ay maaari din makipag-ugnayan sa mga organisasyon na ito ng mga magulang na kung saan ay nagbibigay suporta at tulong sa mga pamilya. Maaaring makakuha ng inpormasyon sa webpage ng CDE California Parent Organization o sa <https://www.cde.ca.gov/sp/se/qa/caprntorg.asp>.

Sa karagdagan, ang website na Understood.org ay halimbawa ng maraming state and natural organizations na nag-aalok ng mga praktikal na tulong at estratehiya para sa mga magulang at tagapag-alaga, sa panahon ngayon ng krisis. Mayroong link sa COVID-19 para makatulong sa mga magulang at pamilya na ginawa ng Understood.org ang maaaring puntahan sa <https://www.understood.org/en/school-learning/coronavirus-latest-updates>.

Ang mga tanong at sagot sa itaas ay mula sa CDE Special Education Guidance for COVID-19 web page at <https://www.cde.ca.gov/498479>.

## **Mga Legal na Tulong: Mga Listahan ng Tulong para sa mga Hindi-Dokumentadong Manggagawa sa California**

Para makatulong sa mga hindi dokumentadong manggagawa sa California na nawalan pa ng trabaho dahil sa Coronavirus, ang Legal Aid Work ay naglabas ng listahan ng maaaring mapagkunan ng tulong para sa kanila. Ang listahan na ito ay regular na nababago.

Isang karta o balangkas na mayroong mga inpormasyon sa iba't ibang salita o wika ang hinanda ng Legal Aid Work New Resource para sa mga manggagawa na hindi dokumentado sa California. Ang listahan ng tulong na ito ay makikita sa <https://legalaidatwork.org/blog/relief-funds/>.

## **Papapakain sa Amerika: Hanapin ang Lokal na Banko ng mga Pagkain**

Ang pagpapakain ng Amerika ay isang pambansang kilusan ng mga banko ng pagkain. Para malaman kung nasaan ang mga ito sa inyong lugar, isulat lamang ang estado(state) at ang zip code sa search box ng Feeding America Find Your Local Food Bank web page sa <https://www.feedingamerica.org/find-your-local-foodbank>.

## **Paano Gumawa ng Face Mask**

The Centers for Disease Control and Prevention (CDC) Use of Cloth Face Coverings to Help Slow the Spread of COVID-19 web page at <https://bit.ly/CDCFacemask> ay nagbibigay ng mga inpormasyon tungkol sa maskara o takip sa mukha at kung paano ang paggawa ng mga ito, sa iba't-ibang lengwahe o salita. I-klik lang ang salita na nais ninyo sa itaas ng pahina kung saan nakalagay ang “click other languages”

## **Mga Tulong at Inpormasyon Linggo-linggo**

### **Inpormasyon Tungkol sa Pagkain sa Paaralan: CA Pagkain para sa mga Bata**

Maaari pa rin na kunin ang mga pagkain o tanghalian ng mga batang eskuwela sa panahon ng COVID-19 sakaling sarado pa ang paaralan. Gamitin ang “CA Meals for

Kids” mobile app o maaari din na kontakin ang distrito ng paaralan para sa karagdagang inpormasyon. Ang ibang distrito ay nagbibigay din ng home delivery. Kailangan lang na makipag-ugnayan ang mga magulang sa paaralan ng kanilang mga anak para malaman kung pwede ito.

Mga Bagong Labas na Balita: CA Meals for Kids App Update at <https://www.cde.ca.gov/497627>

## **Pagkuha ng Internet**

Kung kayo ay walang akses sa internet sa bahay, mayroong mga kumpanya na nag-aalok ng mga serbisyo sa mga pamilya. Kontakin lamang ang mga kumpanyang nasa listahan para mapag-usapan ang plano.

Pagkuha ng Akses sa Internet: Mga Plano na Maaaring Magamit <https://www.cde.ca.gov/498321>

## **Mga Tulong sa Pag-aaral sa Tahanan**

Sa ibaba ay mga libreng at rekomendadong tulong na maaaring gamamit sa inyong mga anak sa inyong tahanan o kaya ay maaari din naman na gamitin nila sa kanilang sarili.

## **Mga Tulong para sa Ispesyal na Edukasyon**

*Ang kuwento sa online*

Ang programa na ito ay para madagdagan ang kaalaman ng mga bata na bumasa at sumulat, at ang mga kuwento dito binabasa ng malakas. Ang pagbasa ng malakas sa mga bata ay nagpapamalas ng ibayong galing sa pagbabasa, pagsusulat at pakikipag-usap nila, maayos na pag-iisip at konsentrasyon, talino at ang pagmamahal sa pagbabasa. Sa pagpili ng kuwento, i-klik ang kuwento na gustong basahin at i-klik ang “You Tube” para panoorin ang pagbasa.

<https://www.storylineonline.net/>

*Starfall*

Ang programa na ito ay tunay na epektibo para sa mga bata na nasa espesyal na edukasyon, sa bahay nag-aaral at ang mga nagsisimula pa lamang mag-aral ng Ingles (ELD). Karaniwan na itong ginagamit sa mga paaralan na kung saan ay maraming mag-aaral ang mga ispesyal na pangangailangan.

<https://www.starfall.com/h/index.php>

## Social Media and Email

Para sa mga bagong tulong at inpormasyon, sundan lamang ang CDE English Learner Support Division sa Twitter [@MultilingualCA](https://twitter.com/MultilingualCA).

To subscribe to the English Learner Updates Listserv, send a blank email to [join-english-learner-updates@mlist.cde.ca.gov](mailto:join-english-learner-updates@mlist.cde.ca.gov).